# PAGPAPAREHISTRO NG BOTANTE
# AT ELEKSYON SA SACRAMENTO COUNTY

BATAS SA PAGPILI NG BOTANTE

ADMINISTRASYONG PLANO SA ELEKSYON

PEBRERO 2018

Administrasyong Plano Sa Eleksyon Ng Sacramento County
TALAAN NG MGA NILALAMAN

Panimula .......... ii

SEKSYON 1 – EDUKASYON NG BOTANTE AT PLANO SA PAGTULONG.......... 1
- Mga Kinakailangan.......... 1
- Edukasyon at Pagtulong sa Mga Komunidad Na May Kakaunting Wika.......... 5
- Edukasyon at Pagtulong sa Mga Komunidad Na May Kapansanan.......... 7

SEKSYON 2 – SENTRONG MODELO NA PLANONG ADMINISTRASYON SA ELEKSYON .......... 8
- Pangkalahatan .......... 8
- Akses Sa Balota .......... 9
- Mga Mahahalaga Sa Sentro Ng Pagboto .......... 10
- Mga Mahahalaga Sa Drop Box Ng Balota .......... 12
- Sentro Ng Pagboto at Mga Mapa Ng Lokasyon Ng Drop Box .......... 13
- Mga Karagdagang Dapat Isaalang-alang .......... 13

LISTAHAN NG MGA APENDISE .......... 15

Pagpapatala ng Botante at Eleksyon sa Sacramento County

# ADMINISTRASYONG PLANO SA ELEKSYON
E.C. 4005(a)(10)(I)

## PANIMULA

Ang mga botante ng Sacramento County ay may mahabang kasaysayan ng paglahok sa mga eleksyon. Umpisa sa pagsisimula ng walang dahilang pagboto sa pamamagitan ng koreo noong 2002, ang numero ng boto sa pamamagitan ng liham (VBM) na mga botante ay patuloy at nanatiling lumaki nang hanggang 64% ng mga rehistradong botante ng County.

Kasunod ng paggamit nitong Vote Center Model (Model) noong Hunyo 2017, Ang Sacramento County Voter Registration and Elections (VRE) ay nagtatag ng Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC) at Language Accessibility Advisory Committee (LAAC). Ang parehong komite ay nagbigay ng mahalagang gabay sa VRE at magpapatuloy na magiging pangunahing bahagi ng administrasyon ng eleksyon para sa County.

Plano ng VRE na palawakin ang edukasyong programa ng botante upang abisuhan ang mga residente tungkol sa Vote Center Model at mga oportunidad sa paglahok ng komunidad. Kabilang sa Plano ang maraming kasosyong organisasyon at ang kanilang suporta ay magiging mahalaga sa matagumpay na implementasyon ng mga eleksyong Vote Center Moder sa Sacramento County.

Ang unang eleksyon para sa bagong Model na ito ay ang June 2018 Statewide Primary. Ang Election Administrative Plan (Plan ay nagbibigay ng impormasyon kung paano ipatutupad ng County ang Batas sa Pagpili ng Botante. Marami sa mga aksyong nakatala sa Planong ito ay ang hitsura ng hinaharap at nakalista bilang isang balangkas para sa kung ano ang maaaring makamit.

Sa maikling salita, kaya ng Modelong ito ang higit pang mga oportunidad ng bontante na ibigay ang kanilang balota. Ang lahat ng botante ay tumatanggap ng isang VBM na balota, at maaaring lumitaw sa anumang Sentro ng Pagboto sa County. Ang bilang ng lugar ng Sentro ng Pagboto at Drop Box Ng Balota na itatayo ay batay sa bilang ng rehistradong botante 88 araw bago ang anumang eleksyon. Sa oras ng paghahanda sa Administrasyong Plano ng Eleksyon na ito, ang County ay inaasahan na magtatatag ng 78 Sentro ng Pagboto (16 ay bukas ng 10 araw bago ang eleksyon at ang lahat ng 78 ay bukas sa 3 araw bbago ang eleksyon at sa Araw ng Eleksyon) at 52 na lugar ng Drop Box ng Balota ang bukas 28 araw bago ang epeksyon at sa Araw ng Eleksyon. Maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng liham, at sa lokasyon ng Drop Box ng Balota, o sa alinmang Sentro ng Pagboto.

Ang mga Sentro Sa Pagboto ay nag-aalok ng pinalawak na akses sa nagagamit na mga device sa pagboto, na may tatlong nagagamit na device man lamang na matatagpuan sa bawat Sentro ng Pagboto. Bilang karagdagan, Ang Sentro ng Pagboto ay lalagyan ng mga tauhan na may mga opisyal ng eleksyon ng nagsasalita ng dalawang wika.

## SEKSYON 1 - EDUKASYON NG BOTANTE AT PLANO SA PAGTULONG

Malugod na tinatanggap ng Sacramento County Voter Registration and Elections (VRE) ang oportunidad sa pagbibigay ng edukasyon tungkol sa mga aktibidad ng pagboto sa mga residente ng county at lahat ng komunidad nito. Ang Edukasyon sa Pagboto at Plano sa Pagtulong na ito ay bumabalangkas sa iba't ibang mga aktibidad na maaaring isagawa na may layuning dagdagan ang pakikibahagi ng botante sa pagboto sa Vote Center Model.

Bilang karagdagan, inaasahan ng VRE ang suporta mula sa maraming organisasyong ginantimpalaan ng mga gawad ng Future of California Elections (Kinabukasan ng mga Eleksyon ng California – FOCE) at ng Voter Choice California (Pinili ng mga Botante ng California – VCC) upang magbigay ng edukasyon at pakikipag-ugnayang may kinalaman sa pagpapatupad ng Voter's Choice Act (Batas sa Pinili ng mga Botante – VCA). Ang listahan ng mga ginawaran ay ipinapakita sa Appendix L.

### Mga Kinakailangan

**1-A** ***Mga Pamamaraan Ng Pag-akses Sa Mga Balota At Mga Abiso Sa Pampublikong Serbisyo O Public Service Announcements (PSA) Para Sa Abiso Sa Eleksyon***
*§4005(a)(10)(I)(i)(II), §4005(a)(10)(I)(i)(VIII)*

Ang VRE ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng balotang VBM sa isang nakukuhang format at ang proseso sa paghiling ng nasabing balota na gumagamit ng mga outlet at pamamaraan na inilalarawan sa Seksyon 1 – B ng dokumentong ito, at yaong mga outlet katulad ng sumusunod:

1) Lokal na telebisyon at mga estasyon ng community cable
2) Newspapers Mga pahayagan (panrehiyon at pangkomunidad)
3) Radyo
4) Social Media at Website ng Departamento
    - a) County Facebook https://www.facebook.com/SacramentoCounty/
    - b) County Twitter https://twitter.com/SacCountyCA
    - c) Nextdoor App (hanapin sa Komunikasyon at Media ng Sacramento County)
    - d) Listahan ng subskripsyon ng County newsfeed (tignan sa www.sacounty.net at www.elections.sacounty.net upang mag-subscribe)
5) Public Transit Messaging (Panrehiyong Transit ng Sacramento, E-Tran ng Elk Grove, Paratransit, Mga Bus, Mga tren, at Mga Himpilan ng Transit)
6) Pagbabahagi ng mga materyal sa mga nasabing grupo bilang mga kasosyo ng komunidad, tagapagtanggol na mga organisasyon sa kapansanan, mga iniluklok na opisyal, mga espesyal na distrito, mga komunidad na batay sa mga organisasyon, mga organisasyong batay sa pananampalataya, at Mga Opisyal ng Pampublikong Impormasyon sa buong county.
7) Pamamahagi ng Materyal sa FOCE at VCC

8) Mga Sesyon ng Impormasyon ng Midya, na nagbibigay ng oportunidad para sa lahat ng mga mapagkukunan ng media na kunin ang mga interbyu at B-roll tungkol sa Vote Center Model
9) Mga Departamento ng County (katulad ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao, Mga Tulong Sa Tao, Mga Serbisyo ng Beterano)
10) Mga Abiso sa Pampublikong Serbisyo, pangkalahatang ipinamahagi sa lahat ng outlet na nagsisilbi sa County
11) Mga Electronic Billboard (Sacramento City, ClearChannel)

Gagamitin ng VRE wang m ga PSA sa mga visual at audio format upang abisuhan ang mga botante sa paparating na eleksyon at alertuhan ang mga botante sa toll-free assistance hotline ng VRE. Ang Mga PSA ay pupuntiryahin para sa mga telebisyon tulad ng mga lokal na channels 3, 10, 13, 40 na dagdag sa MetroCable Univision, at Crossings TV , radio tulad ng Capital Public Radio, Radio Lazar, Entercom Stations, dyaryo tulad ng Sacramento Bee, Vida En El Valle, APA News , social media (hanapin sa itaas ang address), at mga electronic billboard tulad ng County-owned, ClearChannel upang abutin ang lahat ng mga botante, kabilang ang mga botante na may mga kapansanan katulad noong mga pipi o mahirap makarinig at mga botanteng bulag o may kapansanan sa paningin. Ang mga PSA ay magbibigay ng mga outlet na nakalista sa Seksyon 1-B.

Isasama ang opsyon sa impormasyong ibibigay upang gamitin ang nagagamit na device sa pagboto sa alinmang Sentro ng Pagboto, at kung paano gamitin ang device; at ang paraan sa paglikha, pagmamarka at pagsusumite ng nagagamit na balota sa buong Remote Accessible Vote ng County sa Pamamagitan ng Mail (RAVBM) program (inilarawan sa Seksyon 2-B).

## 1-B *Presensya ng Komunidad Upang Turuan Ang Mga Botante Sa Batas Sa Pagpili ng Botante*

*§4005(a)(10)(I)(i)(III)*

Ang presensya ng komunidad ng VRE ay magbibigay ng Vote Center Model na impormasyon nang direkta sa mga botante at dumadalo s a malawakang iba't ibang kaganapan. Ang layunin ng VRE ay makipagtulungan sa ating mga kasosyo ng komunidad, at LAAC at VAAC upang tukuyin ang mga oportunidad na turuan ang aming mga botante, nag-aalok ng mga demonstrasyon ng mga kagamitan sa pagboto, at ipinaliliwanag kung paano humingi at kumuha ng nakukuhang balota. Sisikapin ng VRE na abutin ang lahat ng mga lugar ng County, kabilang ang mga lungsod at mga heograpikong komunidad, gayundin ang mga komunidad na interesado. Ang mga botante ay magkakaroon ng maraming oportunidad na matuto tungkol sa Vote Center Model at ang kanilang mga opsyon sa pagboto kabilang, ngunit hindi limitado sa, sumusunod:

1) Mga Departamento ng VAAC at LAAC (Patuloy sa loob ng taon)
   a) Mga pagpupulong kabilang ang pagpapaliwanag sa sistema sa pagboto at mga pagbabago sa impormasyon
   b) Mga pagbuto ng mga kagamitan kasama ang mga miyembro ng VAAC at LAAC, at ipinamamahagi sa loob ng kanilang mga komunidad

2) Mga Kaganapan sa Komunidad (payak na listahan)

Mga Pagdiriwang na Patuloy sa loob ng Taon:

a) Sacramento Food Bank – Mga Pagdiriwang sa Pagkain tuwing Kapistahan at patuloy na ipinagdiriwang

b) Mga Pangyayari ng Kabatiran sa Kapansanan sa Kapitolyo ng Estado

c) Mga Kaganapan sa Sacramento Comic Con (maraming beses sa taon)

Mga Kapanahunang Pagdiriwang

d) Festival de la Familia (Tagsibol)

e) Norouz (Bagong Taon ng Persyano) (Tagsibol)

f) Vietnamese Tet Festival (Tagsibol)

g) Banana Festival (Tag-init)

h) Elk Grove Multicultural Festival (Tag-init)

i) Rainbow Festival (Taglagas)

j) APAPA Candidate's Forum (Taglagas)

k) Elk Grove Pumpkin Festival (Taglagas)

l) Fair Oaks Chicken Festival (Taglagas)

m) Rio Linda County Fair (Taglagas)

3) Mga presentasyon para sa mga iba't ibang populasyon ng County:

a) Mga samahan ng magkakapit-bahay
b) Mga Lupon ng Superbisor ng County
c) Komiteng Tagapayo sa Kapansanan ng County
d) VAAC AT LAAC ng Estado ng California
e) Mga Konseho ng Lungsod at Mga Kleriko ng Lungsod
f) Mga Itinalagang Opisyal ng Town Halls
g) Mga Lupon ng Distritong Paaralan
h) Mga Lupon ng Mga Espesyal Na Distrito
i) Mga Sentrong Komite ng County at Mga Komiteng Pampulitika
j) Mga Komunidad batay sa paniniwala
k) Mga tagapagbigay ng serbisyo (katulad ng mga Independent Living Centers (Independent Living Centers (Mga Sentro para sa Malayang Pamumuhay)), Easterseals, California Council ng Bulag)
l) Mga komunidad sa wika (katulad ng La Familia, Asian Pacific Islander American Public Affairs (Pampublikong Ugnayan ng Asyano-Pasipiko-Amerikano – APAPA), Asian Community Center (Sentro ng Komunidad ng mga Asyano – ACC), Asian Americans Advance Justice (Sumusulong na Hustisya ng Asyano Amerikano – AAAJ), League of United Latin American Citizens (Liga ng Nagkakaisang Mamamayang Latino-Amerikano – LULAC))
m) Mga grupong tagapagtaguyod sa pagboto (katulad ng Liga Ng Mga Kababaihang Botante, Urban League, American Civil Liberties Union (ACLU), National Association for the Advancement of Colored People (NAACP), Common Cause, Disability Rights California (DRC), People

Power, Sacramento County Disability Advocate Commission (DAC))n) Mga pilantropong organisasyon (katulad ng mga Soroptimista, Rotary, Kiwanis,)

o) Koalisyon ng VCA sa Lungsod ng Sacramento
p) Mga Kolehiyo at Unibersidad
q) Mga Pampublikong Aklatan ng Sacramento

4) Mga nauulit na oportunidad sa Pagtulong

a) Mga Pamilihan ng Magsasaka (iba't ibang panahon)
b) KP International Marketplace
c) Ranch 99 Market
d) High School Education na mga programa (Abril, Sityembre, at katulad ng inimbita)
f) Mga Seremonya ng Bagong Mamamayan
g) Edukasyon ng Adulto at Mga programang English as a Second Language (Ingles Bilang Ikalawang Wika - ESL) (sa pamamagitan ng mga distritong paaralan)

## 1-C *Paggamit ng Mga Mapagkukunan Para sa Edukasyon ng Botante at Pagtulong.*

*§4005(a)(10)(I)(i)(VII)*

Gagamitin ng VRE ang mga kinakailangang makapagkukunan upang tiyakin na nasabihan ang mga botante tungkol sa proseso ng pagboto sa Vote Center Model. Ang badyet ng impormasyon para sa Hunyo 2018 na eleksyon kasama ang paghahambing ng edukasyon at pagtulong na badyet mula sa nakalipas na mga taon ay ipinakikita sa Apendise J.

## 1-D *Ang Mga Direktang Kontak Kasama Ang Mga Botante Ay Nagbibigay Ng Impormasyon Sa Paparating Na Eleksyon At Nagsusulog Ng Toll-Free Voter Assistance Hotline.*

*§4005(a)(10)(I)(i)(X)*

Tatawagan ng VRE ang bawat registradong botante ng Sacramento County nang dalawang beses upang magbigay ng impormasyon sa paparating na eleksyon ng toll-free na tulong sa hotline ng VRE. Ang mga kontak ay magbibigay rin ng impormasyon kung kailan aasahan ang Gabay sa Impormasyon ng Botante at mga opsyon sa pagboto sa eleksyon ng Vote Center Model.

## 1-E *Ang Mga Postcard Na Maybayad Para Sa Paghiling Ng Mga Materyal Sa Kahaliling Wika O Sa Katanggap-tanggap Na Format Ng VBM*

*§4005(a)(8)(B)(iii)*

Ang lahat ng rehistradong botante ay tatanggap ng postage-paid postcard kasama ang kanilang Gabay ng Impormasyon sa County Voter para sa paghiling ng mga materyal sa mga wika bukod

sa Ingles at para humiling ng balotang VBM sa isang maaakses na format. Ang mga instruksyon ay isasama sa Gabay at sa website ng VRE para sa pagkumpleto at pagbabalik ng postcard.

## *EDUKASYON AT PAGTULONG KASAMA ANG MGA KOMUNIDAD NG MINORYA SA WIKA*

*§4005(a)(10)(I)(i)(I)*

Ang VRE ay nagtatag ng Language Accessibility Advisory Committee (LAAC) noong Agosto 2017, upang payuhan at tulungan kasama ang implementasyon ng pederal at estadong mga batas kaugnay sa pagkuha ng prosesong elektoral ng mga botante na may limitadong kakayahan sa wikang Ingles. Ang LAAC ay binubuo ng mga lokal na residente na nagtataguyod sa ngalan ng mga komunidad ng minoryang wika sa County. Tingnan ang Apendise B para sa impormasyon tungkol sa LAAC.

### *1-F Abisuhan ang mga Botante sa Paparating na Eleksyon at Isulong ang Toll-Free Hotline Para sa Tulong Ng Media Sa Botante Na Nag-aalok Ng Tulong Sa Mga Minoryang Komunidad*

*§4005(a)(10)(I)(i)(I)*

Pagbabahagi ng impormasyon sa mga komunidad na kakaunti ang gumagamit ng wika, kabilang ang impormasyon tungkol sa Vote Center Model, mga opsyon sa pagboto, at mga toll-free access hotline para sa tulong, ay maramihang gamit na paraan na may layunin kasama na ang:

1) Telebisyon (katulad ng Univision, Telemundo, Azteca America, Crossings TV, gayundin ang lokal na mga channel sa Ingles at mga lokal na nagagamit na channel - MetroCable/Access Sacramento)
2) Mga pahayagan (tulad ng Sacramento Bee, Vida En El Valle, D'Primeramino Magazine, APA News In Review, World Journal News, Herburger Publications, News & Review, Messenger Publishing Group)
3) Radyo (tulad ng La Ranchera/Vive, Radio Lazar, Entercom stations)
4) Social Media at Website ng Departamento
    a) County Facebook https://www.facebook.com/SacramentoCounty/
    b) County Twitter https://twitter.com/SacCountyCA
    c) Nextdoor App (hanapin sa Komunikasyon at Media ng Sacramento County)
    d) Listahan ng subskripsyon ng County newsfeed (tignan sa www.sacounty.net at www.elections.sacounty.net upang mag-subscribe)
5) Mga Electronic Billboard (Sacramento City, ClearChannel)
6) Public Transit Messaging (Panrehiyong Transit ng Sacramento, E-Tran ng Elk Grove, Paratransit, Mga Bus, Tren, at Himpilan ng Transit)
7) Pamamahagi ng Materyal sa FOCE at VCC
8) Mga pagbabahagi ng materyal sa nasabing grupo katuald ng mga kasosyo ng komunidad, mga iniluklok na opisyal para sa kanilang mga newsletter, mga lungsod, mga espesyal na distrito, mga distritong paaralan, mga komunidad batay sa organisasyon, mga organisasyong batay sa pananampalataya, at mga Opsiyal ng Pampublikong Impormasyon sa buong County

9) Mga Sesyon ng Impormasyon ng Midya, na nagbibigay ng oportunidad para sa lahat ng mga mapagkukunan ng media na kunin ang mga interbyu at B-roll tungkol sa Vote Center Model
10) Mga Pampublikong Abiso sa Serbisyo, pangkalahatang ipinamamahagi sa mga outlet na nagsisilbi sa County
11) Mga Departamento ng County (tulad ng Health and Human Services, Human Assistance, Veteran Services, Probation, and Child Support Services)
12) Mga paaralan sa edukasyon ng matatanda na may mga programang ESL (tulad ng Elk Grove USD, Sacramento City USD)

**1-G** ***Pagtukoy sa Wika ng Minoryang Mga Botante***
*§4005(a)(10)(I)(i)(V)*

Ang VRE ay gumagamit ng mga pagpipilian sa wikang gusto na ipinakikita sa kanilang voter registration form upang tukuyin ang mga wikang ginagamit ng minoryang botante. Maaari ring tawagan ng mga botante ang kanilang mga telepono m mag-email para baguhin ang kanilang gustong wika, o magbigay ng pagpipilian sa kanilang wika sa mga opisyal ng eleksyon sa panahon ng eleksyon. Ang US Census data ay ginagamit din upang tukuyin ang mga komunidad ng edad ng populasyong bumoboto na 'hindi gaanong marunong magsalita ng Ingles' na maaaring kailangan ng tulong sa wika. Ang impormasyong ito ay itatago sa election management database ng VRE.

**1-H** ***Workshop sa Edukasyon ng Botante para sa Mga Botanteng Kakaunti Ang Gumagamit Ng Wika***
*4005(a)(10)(I)(i)(VI), §4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ia)*

Ang VRE ay magsasagawa ng bilingual voter education workshop para sa bawat pederal at estado na kasalukuyang nangangailangan ng mga wika sa County ng Sacramento. Sa oras ng paghahanda sa planong ito (Pebrero 2018), ang mga wikang ito ay ang mga Espanyol, Chinese (mga kinakailangan sa Wikang Pederal) at Tagalog, Vietnamese, Hmong, Korean, at Panjabi (mga kinakailangan sa Wika ng Estado).

Ang mga workshop na ito ay isasagawa sa Spring 2018 at magbibigay ng pagkakataon para sa mga komunidad ng wika ng County na tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga materyal at tulong na magagamit sa tinukoy na wika, bilang karagdagan sa proseso ng pagboto ng Voter Center Model. Ang lahat ng workshop ay magkakaroon ng mga tinukoy na tagapagsalin ng wika upang tulungan ang mga dumadalo. Ang mga miyembro ng LAAC ay tutulong na pumili ng mga lugar ng workshop at mga petsa. Ang impormasyon tungkol sa mga kaganapan sa workshop ay iuulat mga 10 araw bago ang petsa ng pagpupulong, gamit ang mga outlset na ipinakikita sa Seksyon 1-B ng planong ito.

**1-I** ***Abiso sa Pampublikong Serbisyo para sa Mga Mamamayan Na Kakaunti Ang Gumagamit ng Wika***

*§4005(a)(10)(I)(i)(IX)*

Gagamitin ng VRE ang Mga Papumbikong Serbisyo sa Pag-abiso upang abisuhan ang mga botante na kakaunti ang gumagamit ng wika sa paparating na eleksyon at ang libreng hotline ng tulong. Ang PSA ay ipamamahagi sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, at dyaryo, gamit ang wika nila na inilalarawan sa Seksyon 1-B. Ang LAAC ay maglalaan ng tulong sa paggawa ng nilalaman ng PSA.

### *EDUKASYON AT PAGTULONG SA MGA KOMUNIDAD NA MAY KAPANSANAN*

Ang VRE ay nagtatag ng Voting Accessibility Advisory Committee (VAAC) noong Agosto 2017 upang abisuhan at tulungan na may accesss sa proseso ng pagboto ang mga bontante na may mga kapansanan. Ang VAAC ay binubuo ng mga lokal na residente na nagtataguyod sa ngalan ng komunidad nam ay kapansanan. Tingnan ang Apendise A para sa impormasyon tungkol sa VAAC.

### 1-J *Ipaalam sa mga Botante ang Pagkakaroon ng Balotang Vote By Mail (Pagboto Sa Koreo) sa Maaakses na Format at ang Proseso sa Paghiling ng naturang Balota*

*§4005(a)(10)(I)(i)(II)*

Paggamit ng mga outlet at pamamaraan nakasaad sa mga Seksyon 1-A at 1-B, ang VRE ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng balotang VBM sa isang maaakses na format at ang proseso para sa paghiling ng naturang balota sa iba’t ibang outlet at pamamaraan. Sa madaling sabi, kabilang dito ang:

1) Materials sharing sa mga organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa mga taong may pisikal, sensory, intelektwal, at developmental na mga kapansanan, gaya ng mga organisasyong Independent Living, NorCal Center on Deafness, California Council on the Blind, National Federation for the Blind, The ARC, NorCal Mental Health America
2) Mga partner sa komunidad, mga inihalal na opisyal para sa kanilang mga newsletter, mga lungsod, espesyal na distrito, organisasyong nakabatay sa pananampalataya, at mga Opisyal ng Pampublikong Impormasyon sa buong county
3) Telebisyon (pampublikong akses at mga istasyon sa pagbo-broadcast)
2) Mga pahayagan (gaya ng Sacramento Bee at lokal na naka-imprentang bersyon pati na rin ang mga online na paglalathala lamang)
3) Radyo (mga istasyong Entercom)
4) Social Media at Website ng Departamento
    a) County Facebook https://www.facebook.com/SacramentoCounty/
    b) County Twitter https://twitter.com/SacCountyCA
    c) Nextdoor App (hanapin sa Komunikasyon at Media ng Sacramento County)
    d) Listahan ng subskripsyon ng County newsfeed (tignan sa www.sacounty.net at www.elections.sacounty.net upang mag-subscribe)

5) Mga Elektronikong Billboard (Sacramento City, ClearChannel)
6) Messaging sa Pampublikong Transit (Paratransit, Panrehiyong Transit ng Sacramento, E-Tran ng Elk Grove, mga Tren at Himpilan ng Transit)
7) Material sharing sa VAAC, DAC, FOCE, at VCC ng County
9) Mga Sesyon ng Impormasyon sa Media na nagbibigay ng oportunidad sa lahat ng mga pinagkukunan ng media upang makakuha ng mga interview at B-roll tungkol sa Modelo ng Sentro ng Pagboto
10) Mga Pampublikong Abiso sa Serbisyo, pangkalahatang ipinamamahagi sa mga outlet na nagsisilbi sa County sa maraming format
11) Mga Departamento ng County (gaya ng Disability Compliance Office (Tanggapan ng Pagsunod sa Kapansanan), Health and Human Services (Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), Human Assistance (Tulong Pantao), Veteran Services (Mga Serbisyo sa mga Beterano))

### 1-K *Ang Website Ay Magagamit Ng Publiko Na Makukunan Ng Impormasyon*
*§4005(a)(10)(I)(i)(IV)*

Ang Impormasyon sa website ng VRE (www.elections.saccounty.net) ay nasa makukuhang format at magagamit ng publiko. Kabilang dito ang Administrasyong Plano sa Eleksyon at iba pang impormasyon kaugnay ng Batas Sa Pagpili ng Botante, gayundin ang impormasyon tungkol sa pagpaparehistro at pagiging sangkot sa proseso ng eleksyon. Ang tinukoy na impormasyon sa eleksyon ay magagamit din sa website sa makukuhang format. Ang site din ay nag-aalok ng napupunang form sa komento na maaaring gamitin ng mga bisita upang isumite ang kanilang mga komentong kaugnay ng eleksyon.

Kabilang sa impormasyong ibigigay ang mga sumusunod:
1) Ang lahat ng botante ay tatanggap ng boto sa pamamagitan ng liham (VBM) na balota
2) Ang opsyon ay gagamit ng device sa pagboto sa alinmang Sentro ng Pagboto, at paano gagamitin ang device
3) Ang pamamaraan ng paghiling, pagmamarka at pagsusumite ng nakukuhang balota sa pamamagitan ng County's Remote Accessible Vote By Mail (RAVBM) program (na inilarawan ng Seksyon 2-B).

### 1-L *Workshop sa Edukasyon ng Botante Para sa Komunidad Na May Kapansanan Upang Dagdagan Ang Kapakinabangan At Pakikilahok*
*§4005(a)(10)(I)(i)(VI), §4005(a)(10)(I)(i)(VI)(ib)*

Ang VRE ay magsasagawa ng voter education workshop sa Spring 2018 upang dagdagan ang kapakinabangan at pakikilahok ng karapat-dapat na mga botanteng may kapansanan. Ang mga miyembro ng VAAC ay tutulong sa pagpili ng lugar ng workshop at petsa. Kabilang sa workshop, ngunit hindi limitado, ang edukasyon tungkol sa Vote Center Model, bagong mga demonstrasyon ng kagamitan sa pagboto, ang kapakinabangan sa kagamitan ng pagboto, impormasyon sa hulugan ng balota, at mga opsyon sa pagkuha ng magagamit na boto sa pamamagitan ng elektronikong pagpapadala ng balota. Ang impormasyon tungkol sa workshop

ay iaabiso 10 araw bago ang petsa ng pagpupulong, gamit ang mga outlset na ipinakikita sa Seksyon 1-B ng planong ito.

## SEKSYON 2 - ADMINISTRASYONG PLANO SA ELEKSYON

### PANGKALAHATAN

**2-A** ***Libreng Paggamit ng Telepono***
*§4005(a)(10)(I)(vii)*

Ang VRE ay nag-aalok ng libreng tawag sa telepono na suporta sa lahat ng oras ng may pasok. Ang tauhan ay handang tumulong sa mga tumatawag sa mga wikang kinakailangan at pananatilihin ang serbisyo ng wika na magagamit upang magbigay ng tulong sa mga bontante sa ibang mga kinakailangang wika.

Toll-free hotline (800) 762-8091
California Relay Service (May Kapansanan Sa Pagsasalita At Pandinig) 711

### PAGKUHA NG BALOTA

**2-B** ***Access sa VBM na Balota Ng Mga Botanteng May Mga Kapansanan***
*§4005(a)(10)(I)(ii)*

**Gabay na Nagbibigay-impormasyon sa Botante ng County**

Ang VRE ay maghahanda ng Voter Information Guide (Gabay na Nagbibigay-impormasyon) para sa bawat eleksyon na magkakaroon ng detalyadong impormasyon sa proseso ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at mga opsyon para sa paghiling ng kapalit na balotang VBM at para sa pagbabalik ng balotang VBM. Ang mga detalyadong tagubilin para sa paggamit ng Remote Accessible Vote By Mail system (sistema ng Pagboto sa Koreo na Maakses kapag nasa Malayong Lugar) ay isasama sa Gabay. Ang Gabay ay makukuha sa parehong pormat na malaking lathalain at online.

**Pagtanggap ng Balotang VBM sa pamamagitan ng Liham**
Ang lahat ng rehistradong botante ng Sacaramento County ay tumatanggap ng VBM ballot packet sa pamamagitan ng koreo para sa bawat eleksyon. Ang nakalakip na balota ay maaaring markahan at ibalik sa pagkakakilanlang sobre na kasama sa VBM packet. Tingnan din ang Seksyon na 1-E.

**Paghiling ng Magagamit na Balota - Mga Sentro sa Pagboto**
Ang lahat ng rehistradong botante ng Sacramento County ay maaaring gumamit ng isa sa tatlong katanggap-tanggap na balotang minarkahang device sa anumang Vote Center.

Check in ng mga botante, humiling ng magagamit na balota at ibinibigay na key card na nagpapara sa magagamit na device kasama ang kanilang balota. Ang balota ay maaaring markahan gamit ang touch screen display, na may audio tactile device, o ang kanilang sariling katulong na teknolohiya. Ang magagamit na mga makina sa pagboto ay isasaayos upang pahintulutan ang lahat ng botante sa oportunidad na bomoto nang pribado at nag-iisa. Tingnan din ang Seksyon 1-E.

**Paghiling ng Malayuang Pagkuha ng Balota**

Ang mga rehistradong botante ng Sacramento County na may mga kapansanan ay maaaring mag-on-line, sa pamamagitan ng Remote Accessible Vote By Mail (RAVBM) system upang humiling ng mai-da-download na balota. Ang RAVBM ay nagbibigay sa mga bontante na may mga kapansanan ng kakayahang humilin ng balotang VBM na elektronikong ipadadala sa botante mula sa awtorisadong websitee ng VRE. Ang elektronikong balota ay maaaring i-download sa computer ng botante, markahan gamit ang sariling pantulong na teknolohiya ng botante at pagkatapos ay ililimbag. Ang balotang ito ay maaaring ibalik sa parehong paraan bilang anumang balotang VBM: sa pamamagitan ng koreo, ihuhulog sa Drop Box, at sa alinmang Sentro ng Pagboto. Tingnan din ang Seksyon 1-E

**Paghiling ng Pamalit na Balota**

Sinumang botante ay maaaring humiling ng pamalit na balota sa pamamagitan ng telepono sa (916) 875 6155, sa pamamagitan ng pag-fax ng kahilingan sa (916) 854-9796 , sa pamamagitan ng paglitaw sa Vote Center, at sa opisina ng VRE, o sa pamamagitan ng on-line RAVBM system.

## MGA KINAKAILANGAN SA SENTRO NG PAGBOTO

### 2-C *Seguridad ng Proseso sa Pagboto sa Mga Sentro ng Pagboto*

**Tiyak na Pagboto sa Sentro ng Pagboto**
*§4005(a)(10)(I)(iv)*

Ang lahat ng pagbotong isinagawa sa Mga Sentro ng Pagboto ay sumusunod sa pamantayan ng seguridad ng Kalihim ng Estado, mga pamamaraan sa seguridad ng VRE, at mga regulasyon sa Kodigo ng Eleksyon ng California at ang Paggamit ng Mga Pamamaraan sa Sistema ng pagboto ng California. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa pagtitiyak na ang lahat ng kagamitan sa Sentro ng Pagboto ay selyado, nakatago, inihatid at ginamit bilang pagsunod sa mga regulasyong ito. Bilang karagdagan, ang aming kasalukuyang pamamaraan ay nangangailangan na ang karamihan sa manggagawa sa eleksyon ay naroon kapag nagbukas ang site.

**Mga Planong Panseguridad at Anumang Maaaring Mangyari**
*§4005(a)(10)(I)(iv)(VIII)*

**Pagsugpo sa Paggambala, pagpapatuloy ng Operasyon ng Sentro sa Pagboto**

*§4005(a)(10)(I)(iv)(VIII)(ia), §4005(a)(10)(I)(iv)(VIII)(ib)*

Ang lahat ng tauhan, kabilang ang mga taong nagtatrabaho sa Mga Sentro sa Pagboto, at yaong nabibigay ng suporta sa teknikal at pagsunod, ay dadalo ng intensibong pagsasanay sa pagpapatakbo ng kagamitan sa pagboto, magtatayo ng Sentro sa Pagboto, pagtulong at pagproseso sa mga botante, pagtiyak ng sensitibong kagamitan sa bawat gabi ng pagboto, at ang tamang pamamaraan kung sakaling may emergency.

Sa ilalim ng mga kinakailangan sa sistema ng pagboto sa California, ang lahat ng sertipikadong kagamitan ay dapat pinagagana ng baterya kung sakaling nawalan ng kuryente. Ang lahat ng lokasyon ay magkakaroon ng cell phone. Ang mga reresponde sa emergency ay tatanggap ng listahan ng mga lokasyon ng Sentro sa Pagboto. Ang lahat ng presinto ay bibigyan ng mga pamamaraang pang-emergency at bibigyan ng manwal ng instruksyon para sa pagpapatakbo ng Presinto at pagproseso ng mga bontante.

Ang VRE ay agad kikilos upang lutasin ang mga paggambala sa lugar ng botohan, at ang bawat balakid ay magkakaroon ng kanya-kanyang katugunan. Sa pangkalahatan, kapag nagkaroon ng problema sa isang Presinto, agad may pupuntang tauhan ng VRE upang dalhin g mga botante sa ibang mga Presinto, at aabisuhan ang opisina ng Kalihim ng Estado, at magbigay ng update sa media upang tiyakin na naabisuhan ang mga botante. Kung mayroong likas na mga kalamidad o iba pang paggambala na nakakaapekto sa Presinto o pisikal na lokasyon na hulugan ng balota, ang karagdagang mga abiso, karatula at tauhan ay naroroon upang tulungan ang mga botante patungo sa kahaliling lokasyon. Kapag tumigil ang lahat ng aktibidad sa Presinto, agad titiyakin ng tauhan na ang mga kagamitan sa pagboto ng Presinto at mananagot para sa lahat ng kagamitan sa pagboto alinsunod sa Kodigo ng Eleksyon ng California at mga gabay sa Pagmamanupaktura ng Balota at Pagkumpleto. Susubukan ng VRE na buksan ang kapalit na Presinto at masigasig na iaabiso ang pagbabago.

### 2-D *Mga Presinto: Mga Numerong Itatatag, Lokasyon, at Oras ng Operasyon Hangga't Magagamit sa Oras ng Paglalathala*

*§4005(a)(10)(I)(vi)*

***Ang Kabuuang Bilang Ng Mga Presintong Itatayo.***

*§4005(a)(10)(I)(vi)(I)*

Batay sa 772,782 na rehistradong botante sa eleksyon sa Nobyembre 2016, ang VRE ay magtatayo ng pinakamababang 78 na Presinto, 16 na bukas sa sampung araw bago at kabilang ang Araw ng Eleksyon at karagdagang 62 na bukas ng 3 araw bago at kabilang ang Araw ng Eleksyon.

***Ang Lokasyon at Oras ng Bawat Presinto***

*§4005(a)(10)(I)(vi)(*III), *§4005(a)(10)(I)(vi)(VI)*

Ang VRE ay nakikipagtulungan sa LAAC, VAAC, at mga miyembro ng komunidad upang tukuyin ang Presinto at mga lokasyon ng Drop Box. Ang mga tauhan ng County ay gumawa ng mga mapa ng data para sa bawat saligang nakalista sa Seksyon 4005(a)(10)(B) gamit ang kinolektang data mula sa 2010 decennial Census, the American Community Survey, at ng kasalukuyang file sa pagrehistro. Tingnan ang Apendise E. Ang mga datang mapa ay nagpapakita ng mga lugar na may magkakasanib na saligan at gagamitin upang tumulong sa pagtukoy ng pinakamahuhusay na lokasyon.

Ang proseso ng pagtatatag ng mga lokasyon ay nagpapatuloy sa oras ng publikasyon ng Planong ito. Ang lahat ng Presinto ay patuloy na magbubukas sa pinakamababang 8 oras kada araw at mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Botohan. Ang lokasyon at mga oras ng bawat Presinto ay nakalista sa Apenside F, na babaguhin habang ang mga lokasyon ay kukumpirmahin para sa bawat eleksyon. Ang listahan sa website ng departamento ay mapapalitan tuwing Biyernes hanggang lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay nakumpirma. Ang kumpletong listahan ay kasama sa mga materyal ng eleksyon na ibinibigay ng bawat rehistradong bontante at sa website ng departamento. Hindi inaasahan ng VRE na gamitin ang mga mobile na sentro ng botohan sa mga eleksyon sa 2018.

### 2-E *Paglalagay ng Mga Tauhan sa Presidente:*
*§4005(a)(10)(I)(vi)(IX)*

Inaasahan ng VRE ang pinakamababang limang tauhan sa bawat Presinto at karagdagang tauhan na nagsasalita ng dalawang wika. Ang input ang komunidad at mga wika na tinukoy para sa mga presinto, o katabi, ang Presinto ay tutulong na abisuhan ang bilang ng mga tauhang nagsasalita ng dalawang wika.

### 2-F *Mga Serbisyo para sa Mga Botanteng May Mga Kapansanan*
*§4005(a)(10)(I)(vi)(X)*

Ang bawat Presinto ay magkakaroon ng 3 buong nagagamit na touchscreen na mga device sa pagboto. Ang mga device na ito ay sertipikado ng Kalihim ng Estado para sa paggamit ng mga eleksyon ng California at pinahihintulutan ang bawat botante na markahan ang kanilang balota nang mag-isa at pribado. Magagamit din ang mga magnifiying glass, mga ilaw sa mesa at mga lalagyan ng pen. Ang mga kagamitan sa pagpapapagaan ay ibibigay sa lokasyon ng Vote Center, katulad ng mga rampa ng baitang, mga harang sa pinto, mga cone na nakatalaga sa paradahan ng ISA.Ang mga kawani sa lahat ng mga Sentro ng Botohan aykukuha ng pagsasanay sa pagtulong sa mga botanteng may mga espesipikong pangangailangan at ang paggamit ng ma-akses na touchscreen device sa pagboto. Ang mga materyales sa pagsasanay ay bubuuin nang may pagkuha ng pananaw mula sa VAAC.

### 2-G *Desinyo at Layout ng Mga Presinto*
*§4005(a)(10)(I)(vi)(XI)*

Ang mga gabay sa disenyo ay gagamitin upang tiyakin ang mga lugar sa pagboto at magagamit na mga device sa pagmamarka ng balota ay nakalagay sa paraan na nagpapahintulot na markahan ng botante ang kanilang balota nang mag-isa at pribado. Ang mga disenyo ay sentitibo upang magamit ng mga botante, at umangkop upang mapagbigyan ang mga iba't ibang hugis at sukat ng silid sa bawat lokasyon. Tingnan ang Apendise G para sa mga simpleng disenyo.

## MGA KAGAMITAN SA DROP BOX NG BALOTA

**2-H** ***Mga Drop Box ng Balota: Bilang Ng Itatatag, Mga Lokasyon, At Oras ng Operasyon Hangga't Maaari Sa Oras ng Publikasyon***
*§4005(a)(10)(I)(vi)*

***Ang Numero ng Mga Drop Box Na Itatayo***
*§4005(a)(10)(I)(vi)(II)*

Batay sa 772, 782 na mga lokasyon ng Drop Boxsa eleksyon ng Nobyembre 2016, ang county ay magtatatag ng pinakamababang 52 na mga lokasyon ng Drop Box ng balota, bukas 28 araw bago at hanggang sa araw ng eleksyon..

***Ang Lokasyon at Oras ng Operasyon ng Bawat Drop Box ng Balota***
*§4005(a)(10)(I)(vi)(IV), §4005(a)(10)(I)(vi)(VII)*

Layunin ng VRE na makipagtulungan sa LAAC, at VAAC at mga miyembro ng komunidad upang hanapin ang mga kilalang drop box, ganap na mapupuntahang mga lugar. Ang proseso ng pagtatayo ng mga lokasyon ng drop box sa oras ng publikasyon ng planong ito. Ang listahan ng mga Drop Box at ang kanilang oras ng operasyon ay ipinakikita sa Apendise H, na babaguhin habang kinukumpirmaang mga lokasyon ng drop box. Ang kumpletong listahang ito ay isasama sa mga kagamitan ng eleksyon na ibinibigay sa bawat botante at sa website ng departamento.

Ang opisinang Nagrerehisro ng Botante ay may isang panlabas na Drop Box na avaialble 24 oras bawat araw. Ang lahat ng Drop Box ay ilalagay sa loob.

## PRESINTO AT MGA MAPANG LOKASYON NG DROP BOX

**2-I** ***Mga Mapang Lokasyon***
*§4005(a)(10)(I)(vi)(V)*

Mga mapang nagpapakita ng lokasyon ng mga Presinto at Drop Box ng Balota na ipinakikita sa Appendix I. Ang mga mapang ito ay babaguhin tuwing Biyernes at magpapatuloy hanggang lahat ng kinakailangang lokasyon ay nakumpirma.

## MGA KARAGDAGANG PAGSASAALANG-ALANG

**2-J** ***Tinatayang Gastos at Ipon Sa Ilalim Ng Planong Ito***
*§4005(a)(10)(I)(v), §4005(g)(2)*

Tinatayang gastos at ipon kaugnay sa pagpapatupad ng Batas Sa Pagpili ng Botante na ipinakikita sa Apendise J. Inaasahan ng VRE ang resulta ng unang impementasyon ng Batas sa Pagpili ng Botante na mababawasan ang gastos kaugnay sa pagpapalit ng mga kagamitan sna pagboto ng County, habang inaasahan ang pagtaas ng gastos alinsunod sa mahahalagang kinakailangan sa pagpapalawak para sa komunidad at paglahok ng botante. Positibo ang VRE na ang County ay makakaranas ng mataas na paglahok ng botante at pagpapababa sa isinasagawang gastos dahil ganoon ang kaso ng Colorado kasunod ng impelentasyon ng katulad na programa.

Kasunod ng bawat eleksyong isinagawa sa ilalim ng Batas sa Pagpili ng Botante, ang VRE ay maghahanda ng isang ulat sa paghahambing ng gastos sa eleksyon, na ipapaskil sa website ng VRE sa makukuhang format.

**2-K** ***Matapos ang Mga Aktibidad ng Eleksyon***

***Pagtugon sa Mahalagang Kaibahan ng Kapakinabanan At Pakikilahok ng Bontante, Bilang Kinakailangan Sa Paghahati-hati (g)***
*§4005(a)(10)(I)(iii)*

Kasunod ng eleksyong isinagawa sa ilalim ng Batas sa Pagpili ng Botante, rerepasuhin ng VRE ang mga komentong tinanggap mula sa mga bontante at hihingi ng input mula sa LAAC at VAAC at mga kasosyo ng komunidad sa pagkolekta ng data alinsunod sa Seksyon 4005(g). Ang VRE ay gagawa ng katanggap-tanggap na pagsisikap upang matugunan ang mga pagkakaibang tinukoy batay sa isa-isang bagay.

***Tulong sa SOS Na May Ulat Sa Lehislatura***
*§4005(g)(1)(A)*

***Pagbibigay ng Istadistiko ng Eleksyon Sa Kalihim Ng Estado***
Ang VRE ay magbibigay ng istadistikong data na nakalista sa Kodigo ng mga Eleksyon 4005(g)sa Kalihim ng Estado, sa loob ng anim (6) na buwan ng bawat mga eleksyon.